

KIAN Kumusta Kawasaki

Inilathala sa wikang: Ingles, Intsik, Koreyano, Espanyol, Portugal, Tagalog at Madaling Nihonggo
Matatagpuan ang isyu na ito sa HP (<http://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>).

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion-cho, Nakahara-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa-ken

Tel 044-435-7000 Fax 044-435-7010 <http://www.kian.or.jp/> E-mail: kiankawasaki@kian.or.jp

Tungkol sa Final Income Tax Return

Mula sa HP ng Council of Local Authorities for International Relations <http://www.clair.or.jp/tagengo/>

(May mga wikang Ingles, Aleman, Intsik, Koreano, Pranses, Espanyol, Portuges, Tagalog, Vietnamese, Indonesian, Thai, at Russian)

Ang mga taong may sariling negosyo o nasa agrikultura o freelance ay kinakailangang mag-report ng halaga ng babayaranang buwis matapos ito kalkulahin batay sa resulta ng pagkalkula ng kinita sa nakalipas na taon mula ika-1 ng Enero hanggang ika-31 ng Disyembre.

Ang mga pasahuring manggagawa ay hindi na kinakailangan pang gawin ito. Gayunman, ang mga sumusunod ay kinakailangang magpasa ng final income tax return:

- Kapag ang suweldo sa isang taon ay mahigit sa 20 milyones
- Kapag nakakakuha ng suweldo sa higit na dalawang lugar atbp...
- Huwag kalimutang magtago ng kopya ng final income tax return dahil ito ay kinakailangan sa pagpapatuloy o pagbabago ng pahintulot na manirahan sa Japan.

* Kapag may dependents sa sariling bansa, maaari siyang makakuha ng kaltas para sa mga dependent (deduction for dependents). Kahit na pasahuring manggagawa, basta't hindi nakakaltasan para sa mga dependent ay kinakailangang magpasa ng final income tax return.



[Panahon ng pagpasa] Ika-16 ng Pebrero, 2012 (Huwebes) ~ Ika-15 ng Marso (Huwebes)

[Mga kailangan para sa Final Income Tax Return] : ① Form ng final income tax return o kakutei shinkoku (nasa tanggapan ng tagapamahala ng buwis) ② Ang makakapagpatunay ng kinita sa nakalipas na taon (tulad ng withholding tax slip o mga resibo ng pagbabayad) ③ Alien registration card ④ Mga kailangang papeles para sa pagbabawas ng buwis dahil sa dependents (tulad ng birth certificate ng dependents na nasa sariling bansa o mga resibo ng pagpapadala ng pera) ⑤ Mga kailangang papeles para sa pagbabawas ng buwis dahil sa pagbayad ng insurance (tulad ng sertipiko ng ibabawas na buwis dahil sa insurance) ⑥ Pantatak (inkan) o kaya ay pirma etc...

☆ May mga impormasyon sa Ingles sa HP ng National Tax Agency.

Information about Income Tax <http://www.nta.go.jp/taxanswer/english/gaikoku.htm>

National Tax Agency JAPAN http://www.nta.go.jp/foreign_language/index.htm

[Tanggapan ng tagapamahala ng buwis]

Opisina	Address at Numero ng Telepono	Para sa mga mamamayan sa...
Kawaski Kita Zeimusho	Kawasaki-shi Takatsu-ku Hisamoto 2-4-3 Tel:044-852-3221	Nakahara • Takatsu • Miyamae Ward
Kawasaki Nishi Zeimusho	Kawasaki-shi Aaso-ku Kamiasao 1-3-14 Tel:044-965-4911	Tama • Asao Ward
Kawasaki Minami Zeimusho	Kawasaki-shi Kawasaki-ku Enoki-chou 3-18 Tel:044-222-7531	Kawasaki • Saiwai Ward

Kalamidad panlindol para sa mga dayuhan ~ upang mabuhay ng ligtas ang lahat ~

Noong 3.11 Great East Japan Earthquake, Mayroon ding mga naninirahan dayuhan na unang beses na nakaranas ng lindol. Sa apektadong lugar, marami pang plobrema na dapat lutasin. Pakinggan natin ang situwasyon ngayon sa lugar na ito at isipin natin upang ipagpatuloy ang suporta at maghanda sa kalamidad bilang mamamayan ng Kawasaki, kasama ng mga mamamayang dayuhan.

[Araw at Oras] Ika-3 ng Marso, 2012 (Sabado) 13:30-16:30

[Saan] International Center • Hall

[Nilalaman] (Leksyon) "Great East Japan Earthquake at pag-Suporta ng Fukushima pref, International Association para sa mga dayuhan" Tister: Fukushima pref. International Association, Executive director Koukichi Watanabe (Panel Diskusyon)

Tema "Great Earthquake at pamumuhay ng mga dayuhan"
Coordinator: Tokyo University of Foreign Studies, Center for Multilingual Multicultural Education and Reserch, Yoshida Seiko Fellow

[Katanugan/Pag-aplay] Kawasaki International Association

Telepono • Fax • E-mail • o pumunta sa International Center sa mismong araw na ito

"Piesta ng palahayupan sa tagsibol sa Yumemigasaki Kouen" Ika-18 ng Marso (Linggo)

Maraming kaganapan tulad ng Animal relay guide, backyard tour, experimentation corner upang magpakain ng zebra at kambing, petting zoo corner, quiz corner tungkol sa ligaw na ibon, concert corner at iba pa! Halina't mag-enjoy sa mga kaganapan! **[Saan]** Yumemigasaki Doubutsu Kouen (Kawasaki-shi Saiwai-ku Minamikase 1-2-1) Telepono: 044-588-4030

Libreng Entrance



Multikulturang Panayam

Libreng Entrance!

Mayroon ding eksibisyon ng mamamayan ng Kawasaki na nagboboluntaryo sa apektadong lugar.



☆ Point-and-speak' Bokabularyong Pang-medikal 4 ☆

1. 初診
2. 保険証
3. 診察券
4. 問診票
5. 検査
6. 採血
7. レントゲン
8. 尿検査
9. 注射
10. 点滴
11. 処方箋
12. 予防注射
13. 受診
14. 診察

1. Shoshin
2. Hokenshō
3. Shinsatsuken
4. Monshinhyō
5. Kensa
6. Saiketsu
7. Rentogen
8. Nyōkensa
9. Chusha
10. Tenteki
11. Shohosen
12. Yobochusha
13. Jushin
14. Shinsatsu

1. Unang pag-konsulta
2. Insurance Card
3. Consultation Card
4. Palatanugan
(Medical Questionnaire)
5. Pagsusuri
6. Pagsusuri ng dugo
7. X-ray
8. Pagsusuri ng ihi
9. Iniksiyon
10. Dekstros
11. Reseta
12. Bakuna
13. Konsultasyon
14. Eksaminasyon

Tungkol sa sistemang pagsuporta sa pag-aaral

Libre ang tuisyon at mga aklat-aralin (textbook) sa mga munisipiyong elementary at junior-high school sa loob ng Kawasaki. Ngunit, maliban sa textbook, maaaring gamitin ang mga materials, at kailangan ding bilhin ito. Mayroon ding bayad para sa Kyushoku (school lunch) at Ensoku (Field trip) at iba pa.

Dito sa lunsod ng Kawasaki ay may sistema ng 'Shugaku Shien Seido (tulong para sa pagpapa-aral), na tumutulong ng gastos sa ekswelahan, bayad sa school lunch at iba pa para sa mga magulang na may plobrema sa pagpapa-aral ng kanilang anak dahil sa pan-ekonomiyang dahilan.

Mangyaring kumonsulta lamang sa pinapasukang eskwelahan ng maaga kung kailangan ang tulong.



Nag-aplay ka na ba ng Suporta sa Bata (Kodomo Te-ate)???

- Lahat ng tumatanggap hanggang ngayin ay kinakailangan pa ring mag-aplay (re-apply).
- Ang mga batang nasa ibang bansa ay hindi makakatanggap.
- Ang suporta sa bata mula Oktubre, 2011 hanggang Marso, 2012 ay kinakailangang i-re-apply hanggang katapusan ng Marso. Kung hindi aabot sa deadline ng aplikasyon, mag-uumpisa ang suporta sa susunod na buwan pagkalipas ng aplikasyon.


Libreng pagpapayo para sa mga dayuhan sa Kawasaki International Center

•Oras (10:00~12:00 13:00~16:00) Telepono 044-435-7000

(Libre)

Wika	Araw
Ingles	Lunes~Sabado
Portuges	Martes/Biyernes
Koreano	Martes Huwebes

Wika	Araw
Intsik	Martes•Miyerkoles Biyernes
Espanyol	Martes•Miyerkoles
Tagalog	Martes•Miyerkoles



•Kawasaki Ward Office Lumipat sa 3rd floor
ng Ward office

Wika	Araw	Oras
Ingles	1 st at 3 rd Huwebes	14:00~16:30
Intsik	1 st at 3 rd Martes	14:00~16:30
Tagalog	1 st at 3 rd Martes	9:30~12:00

Asao Ward office

Wika	Araw	Oras
Ingles	1 st at 3 rd Huwebes	9:30~12:00
Intsik	1 st at 3 rd Martes	9:30~12:00
Tagalog	1 st at 3 rd Miyerkoles	14:00~16:30

*Libreng konsultasyon sa Gyousei Syoshi(Wikang Hapon) Saan: International center 2nd floor conference room
•Araw at Oras: Ika-18 ng Marso, Linggo 14:00-16:00 Kailangan ang reserbasyon para sa interpreter.)